# Grace Notes

Número 68

Dr. Charlie Bing

## Pagkukumpara ng Dalawang Nalalapit na Paghuhukom

Maraming tagapaliwanag ng Biblia ang nagpapalagay na mayroon lamang iisang paghuhukom sa katapusan ng panahon, isang paghuhukom na naghihiwalay sa mga mananampalataya at hindi mananampalataya. Ito ay nagdudulot ng malaking problema sa pagtutugma ng ilang Kasulatan. Halimbawa, sa Juan 5:24, sinabi ni Jesus na ang sinumang nanampalataya sa Kaniya "ay hindi darating sa paghatol" samantalang sa 2 Cor 5:10 sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya, "... na tayong lahat ay haharap sa hukuman ni Cristo." Kung ang dalawang ito ay nagbabanggit ng magkaparehong paghuhukom, sila ay magiging salungatan. Paano natin mamasdan ang mga nalalapit na paghuhukom na ito?

**Paghihiwalay ng dalawang paghuhukom**

Lahat ng tao ay haharap sa paghuhukom (Heb 9:27). Ang Bible ay nagbabanggit ng dalawang dakilang nalalapit na paghuhukom (bagama't kinikilala rin natin ang mga espisipikong paghuhukom para sa mga Judio at mga Gentil na nabuhay sa Tribulasyon, hal Mat 25:31-46; Pah 20:4-5). Ang parehong paghuhukom ay may kaakibat na mga gawa ng tao.

Ang una ay ang pinal na paghuhukom para lamang sa hindi mananampalataya. Ang Juan 5:24 ay tungkol sa mga nanampalataya kay Jesucristo at tumanggap ng buhay na walang hanggan. Hindi sila haharap sa pinal na paghuhukom ng Pah 20:11-15, isang paghuhukom ng mga hindi mananampalataya matapos ng pagbablik ni Cristo sa mundo bilang Hari. Ang mga gawa ay nabanggit na ebidensiya ng kanilang kundenasyon at ang paghihirap ay nararapat.

Ang Biblia ay nagbabanggit din ng paghuhukom na haharapin lamang ng mga mananampalataya, na tinatawag na Hukuman ni Cristo (sa Griyego, *Bema*). Sa paghuhukom na ito, ang mga mananampalataya ay hindi huhukuman sa kanilang pananampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas, kundi sa kanilang pagsunod kay Cristo bilang Panginoon. Dito, ang mga mananampalataya ay magbibigay-sulit sa kung paano nila ginamit ang kanilang mga buhay. Ang gawa ng isang tao ay basehan kung siya ay gagantimpalaan o hindi.

Ang dalawang paghuhukom na ito ay maikukumpara sa tsart na ito:

| Aling Paghuhukom? | Ang Dakilang Puting Luklukan | Hukuman ni Cristo |
|---|---|---|
| Sino ang huhukuman? | Tanging hindi mananampalataya | Tanging mananampalataya |
| Kailang ang paghuhukom? | Matapos ang milenyo | Matapos ang Rapture pero bago ang Hapunan ng Kordero |
| Ano ang saksi | Mga aklat at Ang Aklat ng Buhay | Bawat isa ay magbibigay-sulit |
| Ano ang gampanin ng mga gawa? | Ebidensiya sa kundenasyon at antas ng paghihirap | Basehan sa gantimpala o pagtanggi ng gantimpala |
| Ano ang pinal na resulta? | Eternal na kundenasyon | Gantimpalang ibinigay o hindi ibinigay |
| Ano ang isyu? | Pananampalataya kay Cristo bilang Tagapagligtas | Katapatan kay Cristo bilang Panginoon |
| Ano ang mga pangunahing pasahe ng Biblia? | Dan 12:1-3; Juan 5:22-29; Pah 20:11-15 | Roma 14:10; 1 Cor 3:11-15; 4:1-5; 2 Cor 5:10;2 Tim 4:8 |

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.

**Ang magagawa nitong pagkakaiba**

Kung ang dalawang paghuhukom ay maipagkakamali bilang isang pangkalahatang paghuhukom, ang mabubuting gawa ay magiging nesesidad para sa kaligtasan, dahil ang mga gawa ay may mahalagang gampanin sa parehong paghuhukom. Ito ay sasalungat sa malilinaw na pahayag ng Kasulatan gaya ng Roma 3:19-4:5; Gal 2:16; Ef 2:8-9 at Tito 3:5. Magiging imposible para sa ating sabihin na tayo ay naligtas sa biyaya bilang isang libreng regalo mula sa Diyos. Ang mga gawa ay nabanggit sa parehong paghuhukom pero kailan man ay hindi basehan o kundisyon ng kaligtasan.

Radikal din nitong babaguhin ang motibasyon sa maka-Diyos na gawi. Ang panlabas na mabubuting gawa ay hahanapin bilang ebidensiya ng kaligtasan, at ang kabaligtaran, ang katakutan ng kakulangan ng mga gawa ay iiwan ang marami na may pag-aalinlangan ng kanilang kaligtasan at katakutan ng eternal na kundenasyon. Ang mga mananampalatayang walang takot ng kundenasyon ay nakasusumpong ng kalayaang mamuhay ng kanilang mga buhay sa liwanag ng kanilang pinal na ebalwasyon sa Hukuman ni Cristo. Ang pagkakaroon ng kasiguruhan ng kanilang eternal na kaligtasan ang dapat magmotiba sa mga mananampalatayang maglingkod sa Diyos at mamuhay ng maka-Diyos dahil sa pag-ibig at pasasalamat sa Diyos. Ang salik ng takot ay naaalis kung eternal na kaligtasan ang pag-uusapan.

**Pagbubuod**

Ang dalawang nalalapit ng paghuhukom ay magkaiba para sa mananampalataya at hindi mananampalataya. Ang mga nanampalataya kay Jesucristo bilang Tagapagligtas ay hindi darating sa paghuhukom sa kanilang kaligtasan, ngunit makatatakas sa kundenasyon. Subalit, sila ay magbibigay sulit sa kung paano sila nabuhay bilang mga Cristiano. Ang mga tumakwil kay Jesucristo bilang Tagapagligtas ay haharap lamang sa paghuhukom ng kundenasyon na didiretso sa Lawa ng Apoy. Marapat lamang na ang Biblia ay nagtapos sa paalala ng gantimpala sa mga mananampalataya, “Narito, Ako’y madaling pumarito at ang Aking gantimpala ay nasa Akin upang bigyan ng kagantihan ang bawat isa ayon sa kaniyang mga gawa” at imbitasyon para sa mga hindi mananampalataya:

“At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika. At ang nakikinig ay magsabi, Halika. At ang nauuhaw ay pumarito: Ang may ibig ay kumuhang walang bayad ng tubig ng buhay.” (Pah 22:17).

GraceNotes são projetados para download e cópia para que possam ser usados no ministério. Nenhuma permissão é necessária se eles forem distribuídos sem edição e sem custo. Se você não tiver um visualizador de PDF, clique aqui para baixar uma versão gratuita.